# Ako'y Naroon sa Kabanal-banalang Eukaristiya sa pamamagitan ng Akto ng Transubstantiation

Linggo, Ika 2 ng Hunyo, 2013 sa 10:15 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, kailangang ipagunita Ko sa lahat ng anak ng Diyos ang Katotothanan ng Aking Pangako na bibigyan Ko ang sangkatauhan ng Kaloob na Banal na Eukaristiya.

Kailangang ipaalaala Ko sa inyo ang Kapangyarihan ng Kabanal-banalang Eukaristiya at ang katunayan na Ako, ang inyong mahal na Jesus, ang Siyang talagang Naroon. Isinuko Ko ang Aking Katawan para iligtas kayo sa walang-hanggang parusa. Isinuko Ko ang Aking Katawan para makapanatili Ako sa inyong mga kaluluwa.

Ako'y Naroon sa Kabanal-banalang Eukaristiya sa pamamagitan ng Akto ng Transubstantiation. Ipinaliwanag Ko ito nang napakalinaw sa Aking mga apostol sa Huling Hapunan. Kaya bakit kay dami sa inyo na hindi tinatanggap ang dakilang Kaloob na ito na ibinigay sa inyo, na pinuhunanan ng napakalaki? Ito ang Aking Regalo sa inyo. Palalakasin ng Aking Katawan at Dugo ang inyong kaluluwa. **Binubuhay ng Aking Dibinong Presensiya ang inyong kaluluwa at binibigyan nito ang lahat ng tumatanggap sa Aking Banal na Eukaristiya ng isang natatanging Grasya, na magpapalapit sa inyo sa Akin. Pag sinasamahan nyo Ako sa Pagsamba sa Eukaristiya, ibubuhos Ko sa inyo ang pinakadakilang Mga Kaloob.** Di magtatagal at mahihirapan na kayong lumayo sa Akin at Ako'y mas magiging malapit sa inyo. Ang inyong puso ay mapapabuklod sa Aking Sagradong Puso.

**Huwag na huwag nyong kalilimutan ang Kapangyarihan ng Aking Banal na Eukaristiya, sapagkat pinananatili nito ang Liwanag ng Aking Presensiya sa mundo.** Kung walang Tunay na Presensiya sa Banal na Eukaristiya, maliligaw kayo at hindi kayo makakapanatili sa kalagayan ng Grasya.

Pag ipinagkait sa inyo ang Aking Katawan, magsisimula kayong makaramdam ng kahungkagan. Mawawalay kayo sa Akin at kahit maaaring mahal pa rin nyo Ako, mahihirapan kayong manatiling kaisa Ko.

*Ang inyong Jesus*

# Dadalhin kayo ng inyong mga gawaing pagano sa Impiyerno

Lunes, Ika 3 ng Hunyo, 2013 sa 9:50 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, **ang paghagupit na tinitiis Ko ngayon ay hindi lamang dahil sa nalalapit na pagkakanulo sa Akin sa loob ng Sarili Kong Simbahan, kundi may kinalaman din ito sa mga pekeng paganong diyus-diyusan na ipinapalit sa Akin sa kasalukuyang mundo.**

**Ang paganismo ay mabilis na lumalago at mainit na tinatanggap bilang isang bagong popular na kultura, isang pwedeng piliin kapalit ng pananampalataya sa Isang Tunay na Diyos.** Maraming klase ito. Pinakamahalaga, ito'y ihaharap bilang isang katuwaan na hindi naman daw makakapinsala, para

sa mga nakikisawsaw sa mga gawaing new age. Ihaharap din ito bilang isang mahalagang bahagi ng pag-unlad ng pagkatao – isang uri ng humanism at pagmamahal sa sarili. Ang pandaigdig na paganismong ito ay binanggit na sa propesiya para sa huling panahon, at para sa maraming tao, hindi nila makita kung ano talaga ito. Ito ay isang pagmamahal sa sarili at sa mga pekeng diyus-diyusan na sinasampalatayanan ng marami dahil sa tinatawag na kahima-himalang mga kabutihang sa akala nila'y idinudulot nito.

Marami, na naghahanap ng mga dibersyon para punuin ang mga kaluluwa nilang walang laman, ay ginagawa ito sa pamamagitan ng pagsamba sa mga estatuwa ni Buddha, na nagiging sentro ng kanilang buhay, ng kanilang bahay at kanilang lugar ng trabaho. Hinehele sila sa isang kalagayan ng espiritwal na kapayapaan pag isinasagawa nila ang paganismong new age , gaya ng yoga, reikki at yung tinatawag na meditation. Di magtatagal, magkakaroon sila ng isang malalim na pagnanasa at magpapatuloy silang maniwala sa lahat ng di-totoong pangako na ginagawa ng mga nagsasagawa ng kasuklam-suklam na ito. Sapagkat ganito talaga ito – isang uri ng masamang hiwaga na binubulag ang milyun-milyong kaluluwa sa Katotohanan ng Diyos.

Anumang doktrina, new age man o hindi, na may pangako ng malaking espiritwal na ginhawa at may layuning bigyan kayo ng kapangyarihan para sa makasariling kapakanan, ay hinding hindi maaaring manggaling sa Diyos. Anumang doktrina na pinipilit kayong parangalan ang ganung mga estatuwa, na hindi sa Diyos, o pinasasali kayo sa mga gawaing may kinalaman sa masamang hiwaga, ay kailangang iwasan sa lahat ng paraan. Di nyo ba alam kung ano ang ginagawa nito sa inyong kaluluwa, isip at katawan? Sinisira nito ang mga yun.

Ang daming kaluluwang sinasapian dahil sa mga gawaing ito, na binubuksan ang pinto ng inyong kaluluwa at hinahayaan si Satanas at ang kanyang mga demonyo na lamunin kayo. Ang mga ito – tatandaan nyo ito – ay may kapangyarihang umakit ng masasamang espirito. Ang paggamit ng mga tarot card, yoga, reikki at ilang uri ng meditation, na sakop ng mga gawaing pagano, ay hahawahan kayo. Darating ang panahon na kayo'y magkakasakit at mapupuno ng madilim na kawalang-pag-asa, pag pinasok na ng masasamang espirito ang inyong buhay, at mahihirapan na kayong makatakas pa.

Ito ang mga palatandaan ng mga maka-Satanas na impluwensiya sa mundo, at maraming demonyo ang nakabalatkayo bilang mga anghel ng liwanag. Ito ang dahilan kung bakit yung mga nalololoko sa mga angel card at tumatanggap sa mga tinatawag na mga ascended master, na sakop ng angel culture na ito, ay nagpapasakop sa espirito ng kasamaan, na ipinapakita bilang isang katuwaan na hindi naman daw makakapinsala.

**Ang isa pang uri ng paganismo ay ang pagsunod sa ateismo. Kayong nagmamalaki sa inyong di-pananampalataya sa Diyos at mabuti ang pamumuhay dahil mabait at mapagmahal kayo sa inyong kapwa at iginagalang nyo ang mga ito, dapat nyong malaman na ang Kaharian ng Langit ay hindi sa inyo.** Hindi Ko kailanman kayo matatanggap sa Aking Kaharian pag nagbitaw na kayo ng inyong huling hininga kahit halos mabiyak na ang Aking Puso. Pag hindi kayo nagsumamo sa Akin para tanggapin kayo bago kayo mamatay, hindi Ko na kayo matutulungan sa puntong yun, sapagkat hindi Ko pwedeng panghimasukan ang inyong malayang loob. Ang sinumang magsasabi sa inyo na ang ateismo ay hindi nakakaapekto sa kahit ano, ay isang sinungaling. Ang Katotohanan ay yung mga tumatanggap lamang sa Akin at kumikilala sa Diyos, ang maaaring pumasok sa Aking Kaharian.

Napakarami sa inyo na ganito kagulo mamuhay at akala nyo'y lahat ay maaayos din sa bandang huli. Marami pa kayong dapat malaman. Ito ang dahilan kung bakit pinahintulutan ng Aking Ama na mangyari Ang Babala, sapagkat kung wala nito, maraming kaluluwa ang bubulusok deretso sa apoy ng Impiyerno.

Ipagpasalamat nyo na ang Katotohanan ay ibinibigay sa inyo, sapagkat napakakonti ng Aking mga itinalagang lingkod ang nangangaral tungkol sa mga panganib ng makasalanang buhay na isinasabuhay nyo ngayon, at ang mga katakut-takot na ibubunga ng mga ito.

Dadalhin kayo ng inyong mga paganong gawain sa Impiyerno. Iwawalay kayo ng inyong ateismo sa Akin. Pagsisisi lamang ang makakapagligtas sa inyo. Pakinggan nyo at tanggapin ang Katotohanan, gaano man ito kapakla sa inyong panlasa, at bibigyan kayo ng Kaloob na Buhay na Walang-hanggan – isang buhay na ngayon pa lang ay inyo nang pinananabikan, pero hindi kailanman mapapasainyo, kung magpapatuloy kayo sa pagsamba sa mga pekeng diyus-diyusan at tatanggihan Akong si Jesucristo. Kayo lamang ang pipili. Wala nang sinuman pang maaaring pumili nito, sapagkat binigyan kayo ng Diyos ng malayang loob para piliin ang mabuti o ang masama, at hindi Niya kailanman aagawin ito sa inyo, piliin nyo man ang maling landas.

*Ang inyong Jesus*

# Ang Paraan Ko ay napakasimple. Maaari nyo Akong sundan sa anumang paraang gusto nyo, pero kailangang parangalan nyo Ako sa Aking Mga Simbahang Kristiyano

Martes, Ika 4 ng Hunyo, 2013 sa 11:30 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, marami ang masiglang aakyat dito sa mahirap na Landas ng Katotohanan, gaya noon, sa daan patungo sa Bundok ng Kalbarayo.

Nakakapagod ang paglalakbay na ito at puno ng balakid. Para sa karamihan, makikita nila na maraming hapdi sa pag-akyat na ito, at marami pa silang malalaman, at ang isa rito ay ang alipusta dahil sa pagsunod sa Akin. Ang iba'y susubukang pigilan kayo at gagamit ng lahat ng katwiran para mapabalik kayo, para lumakad kayo palayo sa Akin. Ang iba nama'y isisigaw ang mga katakut-takot na sumbat at sasabihing kayo'y hindi mga sundalo ni Kristo kundi mga kasangkapan ni Satanas. **Kayo namang mga pari at mga lingkod, ipag-uutos sa inyo na iwanan Ako sa pangwakas na pag-akyat na ito patungo sa tuktok. Ang pag-akyat ay sumasagisag sa Daan ng Krus.**

Lahat ng susunod sa Akin at tutulong para ang Katotohanan ng Aking Mga Aral ay muling madiskubre sa mundo ngayon – kung saan ang mga tao ay may piring at hindi alam kung ano ang tunay at kung ano ang kathang-isip lamang – ay daranas ng kakaibang uri ng kalupitan. Sila, ang Aking mahal na mga alagad, ay pahihirapan sa pamamagitan ng mga sumbat na sila ay kasapi sa isang kulto. Ipinahihiwatig ng insultong ito na sila'y nalinlang at nasisiraan na ng bait. Dapat nyong malaman na ang ganitong uri ng sumbat ay para lumikha ng pagdududa sa inyong pag-iisip.

Ang Aking Paraan ay napakasimple. Maaari nyo Akong sundan sa anumang paraang gusto nyo. Pero kailangang parangalan nyo Ako sa Aking Mga Simbahang Kristiyano, saan mang dako, sapagkat wala na Akong iba pang mga tahanan sa Lupa. Ang mga kulto ay gumagamit ng ibang mga tahanan na labas sa Aking Simbahan. Pag kayo'y sinabihang umalis sa Aking Simbahan, hindi ito naiiba sa panahon ng Aking mga apostol, noong Aking Panahon sa Lupa, na sinabihan din ng ganun.

Bale-walain nyo ang mga panunudyo, ang mga paglait at yung mga gumagamit sa Aking Mga Aral at pagkatapos ay binabaluktot ang mga ito, para matuligsa nila ang Aking Mga Mensahe na ibinibigay sa inyo ngayon.

**Lumakad kayo nang taas-noo at magmartsa nang magilas, sapagkat sa labang ito, tatalunin ang kasamaan at ang mga kasinungalingan, na itinanim ni manloloko, na nagtatakip ng isang katakut-takot na kadiliman sa mga inosenteng tao na hindi nakikita kung ano ang nangyayari.**
Kung malaman nyong wala kayong lakas o tapang para magpatuloy, huwag naman sana kayong matakot, sapagkat bibigyan Ko kayo ng mga natatanging Grasya kung dadasalin nyo itong

**KRUSADA NG PANALANGIN (108) Ang Pag-akyat sa Bundok ng Kalbaryo**

*Jesus, tulungan Mo po akong masumpungan ang lakas, tapang, at tibay ng loob, na manindigan at mapabilang sa Iyong Natitirang Hukbo, at umakyat sa parehong bundok ng Kalbaryong Iyong tiniis para sa aking mga Kasalanan.*

*Pagkalooban Mo po ako ng lakas upang pasanin ang Iyong Krus at ang kabigatan nito, upang ako'y makatulong sa Iyo sa pagsalba ng mga kaluluwa.*

*Tanggalin Mo po ang aking mga kahinaan. Alisin ang aking mga takot. Supilin ang aking mga pag-aalinlangan. Buksan ang aking mga mata sa Katotohanan.*

*Tulungan Mo po ako, at lahat ng tumutugon sa Tawag ng pagpasan ng Iyong Krus, na sumunod sa Iyo ng taos-puso at may kababaang-loob, at sa pamamagitan ng halimbawa ko, ang iba'y magka-lakas ng loob ding sumunod sa Iyo. Amen.*

*Ang inyong mahal na Jesus*

# Ang matitira sa Aking sagradong mga lingkod ay pipirma sa isang pangako ng katapatan sa bagong relihiyong new world

Miyerkules, Ika-5 ng Hunyo, 2013 sa 5:45 ng Hapon

Pinakamamahal Kong anak, sa wakas ay **marami pa sa Aking mga sagradong lingkod ang tumutugon sa Aking Panawagan, kahit na sa paggawa nila nito ay magiging napakalungkot ng kanilang paglalakbay**.

Ang tungkulin nila ay sa mga nakatataas sa kanila, sapagkat binigyan Ko ang Aking Simbahan ng awtoridad na sumakop sa lahat ng anak ng Diyos. Sila, **ang Aking mga sagradong lingkod, ay**

**kailangang sumunod sa lahat ng utos na ibibigay sa kanila ng Aking Simbahan, hanggang sa araw na ang Aking Mga Sakramento ay baguhin. Pag nangyari yun, ang tungkulin nila ay sa Akin na lamang.**

Sa Aking mga sagradong lingkod na hindi naniniwala sa mga propesiya na ang Aking Simbahan sa Lupa ay wawasakin mula sa loob, kailangan nyong manalangin, para mapanatili Ko kayong matatag at tapat sa Aking Mga Aral, hanggang sa araw ng kadiliman na aalisin ang buo Kong Presensya sa mga Banal na Tabernakulo sa buong mundo. Dahil pag nangyari yun, ang magiging tungkulin nyo ay sa Akin, si Jesucristo, na lamang.

Huwag kayong mababagabag, dahil pag naiproklama nyo na ang Katotohanan ng Aking Mga Aral lamang at isinagawa ang Mga Sakramento sa mga paraang itinuro sa inyo, ito ang magiging Grasyang magliligtas sa inyo. **Pag dumating ang oras na ipag-utos sa inyo na tanggihan ang Katotohanan ng Aking Simbahan sa Lupa, ito na ang panahon na kailangan nyo nang mag-isip-isip.**

**Hindi pa sumasapit ang araw na ito, pero pag dumating ang panahon na sabihan kayo nung mga nakatataas sa inyo na alisin na ang Banal na Eukaristiya, alam na nyo na ang ibinigay sa inyo ay Katotohanan.**

Pag dumating ang panahon na sinabihan kayo na tanggapin ang ilang doktrina, na alam nyo sa inyong puso na ang mga ito'y hindi Ko kailanman mapapayagan, alam na nyo kung gaano kakila-kilabot ang katunayan ng pagkawasak na hinaharap ng Simbahan.

**Ang mga matatag at matatapang lamang sa inyo, na maninindigan para sa Katotohanan** pag sinubukan nilang ipatanggap sa inyo ang mga paganong kasinungalingan, ang mananatiling tapat sa Akin. Ipagpapatuloy nyong ibigay ang Mga Sakramento ng Binyag, Banal na Komunyon, Kumpisal, Kumpil, Kasal at Pagpapahid ng Langis sa Maysakit.

Ang matitira sa Aking mga banal na lingkod ay pipirma sa isang pangako ng katapatan sa bagong relihiyong new world. Kaya sa panahong yun kayo'y mahahati sa dalawa – yung mga sumusunod sa Katotohanan at yung mga tatanggap sa mga batas, na isa lamang ang ibig sabihin – ang pagsamba sa mga pekeng diyus-diyusan at ang pagpayag sa kasalanan.

Marami sa inyo ang hindi na magpaparangal sa Akin. Pag hindi kayo nanatiling tapat sa Akin at hindi nyo pinakain ang Aking kawan, marami ang mawawala sa Akin. Pero pag nabatid ng mga kaluluwang ito na sila'y naloko, magpapakita Ako sa kanila ng malaking Awa. Kayo naman, na tinuruan para maunawaan ang Aking Mga Aral, para parangalan ang Aking Banal na Salita at magbigay ng Kabanal-banalang Mga Sakramento, ay ipagkakanulo nyo Ako.

*Ang inyong Jesus*

# Ang mga kasinungalingan, kalimitan, ay nakabalatkayo bilang mabubuting bagay

Huwebes, Ika-6 ng Hunyo, 2013 sa 4:00 ng Hapon

Pinakamamahal Kong anak, kung pwede nga lang sana na ang pagmamahal ay lalaganap sa mundo, sapagkat pag nagkagayun, talagang mamahalin ng tao ang kanyang kapwa, gaya ng iniutos ng Aking Ama, at hindi magkakaroon ng giyera.

Ang mga digmaan ay resulta ng kawalan ng pananampalataya sa Isang Tunay na Diyos. Ang sanhi ng mga giyera ay takot, pagkamuhi at kayabangan, at lahat ng ito ay sinisindihan ng kapangyarihan ni Satanas. Habang mas maraming tao ang tumatalikod sa Diyos at tinatanggihan ang pangangailangang ihanda ang kanilang mga kaluluwa para sa isang buhay ng maluwalhating walang-hanggan, mahuhulog sila sa kamalian. Pag hindi nila makita ang Katotohanan, mahihilig silang maniwala sa mga kasinungalingan. Ang mga kasinungalingan, kalimitan, ay nakabalatkayo bilang mabubuting bagay. Nakamaskara sila bilang mga gawaing kanais-nais, mga tamang pagkilos, kasiyahan, at pamalit sa naaayon sa kalikasan.

**Ang kasamaan ay bihirang makita bilang kasamaan, sapagkat hindi sa ganung paraan binalak ni Satanas lokohin ang sangkatauhan. Siya, si masama, na ang mga gawa ay makikita sa mga salita, gawa at kilos ng mahihinang mga kaluluwa, ay iniingatang huwag siya kailanman mabuko. Gagamitin niya ang mga kawawang kaluluwang kanyang sinapian para magmukha siyang mapagmahal, kasiya-siya at laging magpapakita ng nakakaakit na panlabas na itsura.**

Tuso nga siya, kaya maaakit niya ang mga tao na gumawa ng masama pag kanyang tinutukso, at gagawin niya ito sa pagsasamantala sa kanilang mga kahinaan na pinakamadaling bumigay sa tukso. Bagamat karaniwan ay pandamdam ng katawan ang tinutukso niya, aakitin din niya yung mga naghahanap ng Katotohanan sa kanilang pananampalataya. Sa ganitong pagkakataon, aakitin niya ang mga kaluluwa sa isang patibong kung saan tatanggapin nila ang kasamaan bilang kabutihan. Sa katagalan na lamang nila mararamdaman na may mali, pag sila'y nababagabag na at di na mapakali. Sa puntong yun, makikita na sa kanilang mga kaluluwa ang pagkamuhi at kawalan ng konsiderasyon sa kanilang kapwa. Pagkatapos ay aakalain nila na ang kanilang mga pinaggagagawa sa Ngalan ng Diyos, pero umiinsulto naman sa Diyos, ay para sa Luwalhati ng Diyos.

Pag nililikha ang giyera sa Ngalan ng Diyos, karaniwan ay hindi ang Diyos ang pinararangalan ng mga hukbo ng mundo. Pag pinupuksa nila ang mga bansa at sinasabi nilang pinararangalan nila ang Diyos, nilalayuan nila ang Diyos at kinakampihan nila ang halimaw.

**Sa panahong ito, binabalak ng halimaw ang pagwasak sa sangkatauhan sa dalawang paraan. Una, winawasak niya ang buhay sa pamamagitan ng aborsyon, pagpatay at giyera. Ikalawa, sinasalakay niya ang Aking Simbahan sa Lupa para lahat ng simbahan, na nagpaparangal sa Akin, si Jesucristo at sa Aking mahal na Ama, ay mawasak.**

Sa ganitong mga paraan, mananakaw niya ang mga kaluluwa at mapipigilan silang sumunod sa Katotohanan at magmana ng Aking Kaharian.

*Ang inyong Jesus*

# Gagawa Ako ng mga milagro sa buong mundo para patunayan sa mga ayaw maniwaIa na Ako ngang si Jesucristo ang nagsugo sa Aking propeta upang ihanda kayong lahat para sa Aking Ikalawang Pagdating

Biyernes, Ika-7 ng Hunyo, 2013 sa 11:45 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, lahat ng nakakaalam sa Katotohanan at tumatanggap sa mga propesiyang nakapaloob sa Aklat ng Aking Ama ay kailangang tanggapin na Ipinagkaloob Niya sa mundo ang pinakadakilang Awa.

**Ngayong malapit na ang Aking Ikalawang Pagdating, yung mga nakakakilala sa Aking Tinig at nakikinig sa Akin, ay kailangang ialay ang kanilang panahon para matiyak na ipalalaganap nila ang Aking Salita at para ipanalangin ang kaligtasan ng lahat nilang kapatid.**

Mahal Kong mga disipulo, ang Aking Grasya ay ibinubuhos sa inyo at kailangang magkaroon kayo ng tiwala sa inyong sarili pag tinutulungan nyo ang iba para maghanda sa Aking Ikalawang Pagdating. Magsisigaw man sila ng mga kabastusan tungkol sa inyo, kailangang manatili pa rin kayong panatag. **Ang Misyong ito ang pinaka-babastusin simula nang Ako ay Ipako sa Krus, pero dapat nyong malaman na ito ang Misyong magliligtas sa bilyun-bilyong kaluluwa.**

Ito na ang Aking panahon. Ito ang panahong itinoka sa Akin ng Aking mahal na Ama, gaya ng napagkasunduan. Ito ang panahon para sa Aking Paghahari pag nagsanib ang Bagong Langit at ang Bagong Lupa. Masusunod **ang Loob ng Aking Ama dito sa Lupa para ng sa Langit.** Lahat ay magiging isa. Ang pagkamuhi, paghihirap at ang kapangyarihan ng kasamaan ay matitigil na. Bawat pagsisikap na gawin nyo ngayon para iligtas ang inyong sariling mga kaluluwa at ang inyong mga panalangin para iligtas ang iba, ay magiging sulit na, gaano man ito kahirap. Ungulan na nila kayo, haplitin at pagmalabisan, tawaging sinungaling at pagmalupitan. Habang dumarami ang inyong pagdurusa, dumarami rin ang mga kaluluwang dadalhin nyo sa Akin.

Inilatag Ko na ang daang ito at ito'y binabantayan ng lahat ng anghel sa Langit. Bawat masamang espirito ay manggugulo, manghaharang at susubukang patigilin kayo sa paglakad tungo sa Akin, pero magiging walang saysay yun. Hindi nila Ako mapapatigil sa paglapit sa inyo o sa pagpapalapit sa inyo. Magiging bilyun-bilyon kayo. Yung mga ayaw pang maghanda ngayon ay maghahanda rin pagdating ng panahon. Huwag na huwag nyo silang hahayaang pabagalin kayo, dahil konting panahon na lamang.

Bawat isa sa inyo na kabilang sa Aking Natitirang Hukbo ay bibigyan ng mga natatanging Grasya at gagawa Ako ng mga milagro sa buong mundo para patunayan sa mga ayaw maniwala na Ako ngang si Jesucristo Ang Siyang nagsugo sa Aking propeta para ihanda kayong lahat para sa Aking Ikalawang Pagdating.

*Ang inyong Jesus*

# Ang pagkaloko ng aking mga anak sa mga materyal na bagay at pagsamba sa kayamanang pansarili ay nagwawalay sa kanila sa Diyos

Sabado, Ika-8 ng Hunyo, 2013 sa 11:00 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, habang ang sangkatauhan ay lumulubog sa kasalanan, hanap pa rin sila nang hanap ng mga materyal na bagay na akala nila'y gagamot sa matinding hapding nadarama nila sa kanilang kalooban, sapagkat walang makapagpapaginhawa sa kanila pag sila'y malayo sa Akin. Ni sandali man lang ay hindi nila Ako inisip, abalang-abala sila sa paghabol sa mga materyal na bagay – mga walang-silbing mga bagay – na walang idinudulot kundi pananabik sa laging mas marami pa kaysa dati.

At nandyan din yung mga labis ang pagmamahal sa mga makamundong kagandahan, hanggang sa hinding hindi na sila magkaroon ng kasiyahan. Hinahangad nila ang mas malaki at, sa akala nila'y, mas mahalagang mga ari-arian. Hanggang ang sarili na nila ang ipinagtatayo nila ng dambana. Sa puntong ito, sila'y bumubulusok sa kawalang-pag-asa sapagkat habang mas dumarami ang kanilang kayamanan at luho, mas nalilito at naguguluhan sila. Mawawalan na sila ng interes sa ibang tao at di magtatagal ay maiiwan silang nag-iisa, kaya napapakapit sila sa sapot ng gagamba, na ginawa ng espirito ng kasamaan para sila'y hulihan at wasakin ang kanilang mga kaluluwa.

Ang pagkaloko ng aking mga anak sa mga materyal na bagay at pagsamba sa kayamanang pansarili ay nagwawalay sa kanila sa Diyos. **Ang makasariling pagmamahal nyo sa inyong mga ari-arian ay sumisira sa inyong pagmamahal sa inyong kapwa. Kayo'y magiging napaka-makasarili kaya wala na kayong pakialam sa mga kasawiampalad ng iba.** Ganito nyo sinusuway ang Salita ng Diyos.

Tigilan nyo na ang paghabol sa kayamanan. Sa gayon, magiging mas malinis ang inyong puso. Pero **pag hinayaan nyo itong mapanlinlang na kasalanang ito na palabuin ang inyong isip, hindi na kayo kailanman magiging malinis ang kaluluwa, kaya hindi na rin kayo magiging karapat-dapat na humarap sa Akin.** Yung mahihirap ay mas konti ang mga tukso na magwawalay sa kanila sa Akin. **Yung mayayaman ang siyang dukha dahil marami pa silang dapat matutunan bago nila magawang magpakumbaba sa Aking Paningin.**

Kailan nyo pa matututunan na pag inuna ng isang tao ang mga makamundong kasiyahan kaysa sa Akin, ay hindi niya magagawang ihanda ang kanyang kaluluwa para pumasok sa Aking Bagong Paraiso?

*Ang inyong Jesus*

# Pag bumaba na sa mundo ang Bagong Jerusalem sa tunog ng mga trompeta, mapupuno ng ilaw ang himpapawid at tatahimik ang lahat

Linggo, Ika-9 ng Hunyo, 2013 sa 11:15 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, ang hapding nadarama mo sa iyong katawan ngayon ay para sa ikaliligtas ng mga kaluluwa, na nagpakalayu-layo na sa Akin. At kung hindi mo pa ito iaalay sa akin bilang isang biktimang kaluluwa, mawawala na sila sa Akin magpakailanman.

**Lagi mong tatandaan kung gaano Ako nasasakitan at nabibiyak ang Aking Puso pag nawawala sa Akin kahit isang kaluluwa lamang.**

**Hindi kailanman nagkalamat ang Aking Pagmamahal sa sangkatauhan dahil walang maaaring pumigil sa Akin na mahalin ang bawat isang mahalagang kaluluwa.** Gayun kalaki ang Pagmamahal Ko sa kanila kaya walang tigil ang Aking Pagkakaloob sa iyo na makita ang lahat ng anak ng Diyos kung paano Niya sila nakikita, nang may malinis na puso. Ito ang dahilan kung bakit gayun na lamang ang iyong pagdurusa, bunso Ko. Hindi ito dahil sa pag-insulto sa iyo ng mga nagagalit sa iyo kundi ito'y dahil sa mga kaluluwang nasa kakila-kilabot na kadiliman at natatakot ka sa kanilang magiging kapalaran, kaya pinagdaraaanan mo ang mga bagong hapdi ng katawang ito.

Unawain mo naman sana, na pag nauubos ang iyong pasensya at naiinis ka na, dahil sa masasakit na pagsubok na ito, na ang mga ito'y walang-kwenta kumpara sa matinding pagdurusang kinakaharap ng mga kaluluwang makukuha ng halimaw. Walang-kwenta ito kumpara sa hapdi ng pagdurusa sa Purgatoryo. Magiging napakaliit na nito pag nakita mo na kung paano Ko kunin ang mga kaluluwa, na hindi sana maililigtas ang kanilang sarili, mula sa buktot na mga kuko ng halimaw.

Anak Ko, gaano man kahapdi ang pagdurusang ito, magiging walang-kwenta na ito pag pinagkaisa Ko na ang mga anak ng Diyos, pag ang Maluwalhating Paraiso ay bumaba na sa Dakilang Araw. Pag bumaba na sa mundo ang Bagong Jerusalem, mapupuno ng ilaw ang himpapawid at magiging tahimik ang lahat sa harap ng tunog ng mga anghel, na ang pag-awit ay manunuot sa bawat kaluluwa bago dumating ang pangwakas na sandali. **Ito na ang huling oras na Ako'y darating para Maghukom sa mga nabubuhay at mga namatay.**

*Ang inyong Jesus*

# Hindi kayo dapat matakot, sapagkat ang Ipinangangako Ko sa inyo ay sa inyo at ito'y inyong Pamana

Lunes, Ika-10 ng Hunyo, 2013 sa 11:00 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, ang mundo ay kailangang masabihan na **Ang Aking Pagdating ay nalalapit na.** Ang Aking Panahon ay nagsimula na, at sinisikap Kong palapitin ang sangkatauhan sa Akin, bago sumapit ang Aking Dakilang Araw.

**Inihahanda Ko na ngayon kayong lahat,** pero marami ang magbibingi-bingihan. Mapagmahal Ko itong ginagawa, para sa bawat isa sa inyo na Aking minamahal, para sa bawat isa sa inyo kung kaya inialay Ko ang Aking Katawan. Masasaksihan nyo ang Aking Panghihimasok, pag binuksan Ko na ang mga mata ng sangkatauhan at ito'y malinaw na makikita.

Magkakaroon ng mga milagro pag tinanggap na ang Aking Misyon. Madarama ang Aking Presensya at magpapakilala Ako sa pamamagitan ng Mga Gawa ng Dakilang Awa. Ang pakay ng planong ito ay muli kayong akitin, at akayin yung mga hindi na naniniwalang Ako'y Umiiral, tungo sa Aking Maluwalhating Pagliligtas.

**Ako ang Hari, na Siyang Maghahari sa Bagong Paraisong ipinangako sa Akin ng Aking Ama.** Sa mga hindi nakakakilala sa Akin, pakinggan nyo na Ako. Akin kayo. Pinagkakalooban Ko kayo ng Buhay, hindi yung alam nyong buhay sa mundong ito, kundi Buhay na Walang-hanggan.

Hindi kayo dapat matakot, sapagkat ang ipinangangako Ko sa inyo ay sa inyo, at ito'y inyong Pamana.

**Ang Kahariang ito ang dahilan kung bakit kayo ipinanganak, para malikhang muli ng Diyos, na Aking mahal na Ama, ang mundo gaya noong simula. Siya ang Simula, sapagkat Siya ang lumikha nito.** Siya ang Wakas, sapagkat pagsapit ng Dakilang araw, wala nang pagdurusa. Ang Bagong Simula – ang Buhay na Walang-hanggan- ay ibibigay sa mga tumatanggap sa Pag-ibig ng Diyos. Kailangang kayo'y maging mas mapagtiwala, mas hindi mapag-alinlangan, at tanggapin nyo ang Dakilang Kaloob na Buhay, na maaari lamang magmula sa isang perpektong Diyos.

Tanging ang Diyos lamang ang makakalikha ng gayung milagro – ang Kaloob na Buhay.

Tanging ang Diyos lamang ang makakapagbigay sa inyo ng Walang-hanggang Buhay, kung saan lulupigin ang kamatayan at ang lahat nitong kasamaan.

Kailangang hintayin nyo ang hinaharap nang may pananabik. **Kailangan nyong pagsikapang pakinggan ang Mga Mensaheng ito, sapagkat ito ang lubid na pansagip na inyong kakailanganin, habang padilim nang padilim ang mga araw na darating.**

Ang Nais Ko'y wala sa inyong mababagabag, mag-aalala, matatakot at malulungkot, sapagkat ang ibig sabihin ng Aking Maluwalhating Araw ay Aking papawiin ang bawat luha, bawat hapdi, bawat lungkot at bawat hirap nyo, at lilinisin Ko kayo ng Aking Dakilang Kaluwalhatian.

**Matitikman nyo ang puro at walang-hanggang kaligayahan sa wakas.** Lahat ng pinangarap nyong makalangit na sitwasyon, ay mapapasainyo.

Kung hindi pa kayo makatugon sa Akin ngayon dahil kulang pa kayo sa pananalig, tutulungan Ko kayo kung tatawag kayo sa Akin. Hilingin nyo sa Akin ang Kaloob na Pananalig sa pamamagitan ng Krusada ng Panalangin na ito.

## KRUSADA NG PANALANGIN (109) Para sa Kaloob na Pananalig

*O pinakamamahal na Jesus, Tulungan mo akong manalig sa Iyo. Manalig sa Iyong Pangakong muling pagbabalik. Tanggapin ang Katotohanan ng Iyong Pangalawang Pagdating. Manalig sa Pangako ng Diyos Ama noong Kanyang sinabi na ipagkakaloob sa Iyo ang Iyong Kaharian.*

*Tulungan mo akong manalig sa Iyong mga Aral, Sa Iyong Plano na iligtas ang mundo.*

*Tulungan mo akong tanggapin, ng may grasya, ang Iyong mga Regalo.*

*Tulungan mo akong manalig sa Iyo, upang mapawi ang aking takot at hayaan ko ang Iyong Pag-ibig na mag-umapaw sa aking puso at kaluluwa. Amen.*

Ay, kay laki ng Aking pananabik na paginhawahin kayo, bawasan ang inyong takot, pag-aalala at isipin! Kay laki ng pagnanais Ko na gawing walang hapdi, hanggat maaari, ang pagbabago para hindi nyo na kailangang magdusa sa kamay ng halimaw, na ang kanyang mga gawain ay makikita sa mga kaaway ng Diyos.

**Kung kayo'y lubusang mananalig sa Akin at isusuko nyo ang inyong sarili sa Aking Awa, ipinangangako Ko na paiikliin ng Aking Awa ang panahon na ang paghihirap ng sangkatauhan ay lulubha dahil sa kasamaan nung mga gustong magpahirap sa inyo.**

Ipinangangako Ko na ang Aking Panghihimasok, sa pamamagitan ng mga milagro, ay gigising sa mga pinaka-nangangailangan ng tulong – ang pagkaalam sa Katotohanan. Pag ang Katotohanan ng Diyos ay tinanggap ng mga hindi talaga nakakaunawa sa Aking Pangakong magbalik, pero buong-puso nila itong tinatanggap, mababawasan ang pagdurusa at magpapakita Ako ng Awa sa bilyun-bilyong kaluluwa.

Pero ang inyong pananalig sa Akin ay tutulong para makita nyo ang Katotohanan. Pag tinanggap nyo ang Katotohanan, tinatanggap nyo ang Mga Susi sa Aking Bagong Kaharian.

*Ang inyong Jesus*

# Huwag na huwag nyo itong gagawin, dahil ito ang kaisa-isang kasalanang dahil sa pagka-ipokrito nito, ay kinaiinisan Ko

Miyerkules, Ika-12 ng Hunyo, 2013 sa 11:50 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, habang Ubos-lakas Kong sinisikap na pag-alabin ang mga kaluluwa ng mga sumasampalataya, unang-una, sa Aking Mga Banal na Mensahe para sa mundo, kailangang babalaan Kong minsan pa yung mga naninira sa Aking Banal na Salita. Habang pinaghahanap Ko ang mga kaluluwa na maligamgam ang pananampalataya, bakit yung ilan sa inyo na nagsasabing sila'y nagsasalita sa Aking Ngalan, ay kailangan pang tanggihan ang Katotohanan, samantalang ito naman ay ibinibigay sa inyo mula sa Kordero ng Diyos sa pamamagitan ng Mga Mensaheng ito?

Sinong tao ang magsasalita nang ganito, sa Aking Banal na Ngalan, at mangangahas na tumayo sa harap nyo? Wala. Kasi, dahil lamang sa Kapangyarihan ng Diyos kaya ang Aking Salita ay naipaiintindi sa inyo sa karaniwang pananalita.

Ang tao ay patuloy na magkakasala, gumawa man siya ng mga kasalanang kapareho ng sa inyong lahat sa buong mundo, o mga kasalanang malaki. Lahat nga kayo'y makasalanan.

Ang isang makasalan ay hindi kailanman makapagpapatawad sa isa pang makasalanan sa Aking Ngalan, maliban na lamang kung ito'y sa pamamagitan ng Aking Kapangyarihan, sa pamamagitan ng Pagkumpisal, na magpapalaya sa inyo sa kasalanan, nang panandalian. Walang makasalanan na maaaring kumondena sa isa pang makasalanan sa Ngalan Ko, dahil wala silang karapatan. Pag kinondena nyo ang isa pang makasalanan, kahit na ang kasalanan nila ay pinakamalubha laban sa Diyos, magiging kasing-itim ng kaluluwa ng taong yun ang kaluluwa nyo na lantaran nyong kinokondena sa Ngalan Ko.

Di nyo ba alam na pinasasakitan at pinalulungkot nyo Ako pag kayo'y nagsasakitan? Di nyo ba Ako nauunawaan talaga? Di pa ba nyo natutunan kung bakit Ako'y namatay para sa inyo? Sa ilan sa inyo na hindi pa nauunawaan ang Katotohanan, kailangang makinig na kayo ngayon. Hindi Ko kayo kinokondena dahil sa inyong mga kasalanan, dahil mahal Ko kayo at patatawarin Ko kayo ng kahit anong kasalanan, gaano man ito kakila-kilabot. Pero pag sinasabi nyo mismo, sa Ngalan Ko, na kapantay nyo Ako at hinuhusgahan nyo ang isa pang makasalanan gamit ang Ngalan Ko, kokondenahin Ko rin kayo.

**Wala ni isa sa inyo, gaano Ko man kayo kamahal, ang maaaring maghusga sa iba. Tanging Akong si Jesucristo lamang ang binigyan ng Kapangyarihan ng Aking Ama para Maghukom sa sangkatauhan – wala nang iba pa. Pag ginawa nyo ang kasalanang ito, kailangang humarap kayo sa Aking Paghuhukom.** Huwag na huwag nyo itong gagawin, sapagkat ito ang kaisa-isang kasalanang dahil sa pagka-ipokrito nito, ay kinaiinisan Ko.

**Halos dumating na sa sangkatauhan ang panahon para masaksihan ang Katotohanan. Kahit isama pa yung mga nagsasabing sila'y tapat sa Akin, hindi marami ang tutugon sa Aking Panawagan, hanggat hindi pa nagpapataw ng maraming parusa ang Aking Ama.** Gayun kayo ka-bulag sa Katotohanan ng Buhay na Walang-hanggan, gayun kayo ka-manhid sa pagdinig sa Salita ng Diyos, kaya ang tanging paraan na lamang para kayo'y makinig ay pag kayo'y pinatawan na ng mga parusa.

Pag ipinataw na sa inyo ang una sa marami pang parusa, sasabihin ng marami na ang mga iyo'y mga trahedyang gawa ng kalikasan, pero pag inulan kayo ng mga ito sa loob ng maikling panahon, at pag wala na kayong matakbuhan, saka nyo lamang malalaman na ito'y ang Kamay ng Diyos na bumabagsak sa inyo.

**Aalugin ng Aking Ama ang buong mundo.** Yung ilan sa inyo na nagdududa kung Siya nga'y Umiiral, malalaman nyo na ang mga pangyayaring ito ay hindi gawa ng kalikasan lamang. Yung ilan sa inyo na sumasampalataya sa Akin pero pinagtatawanan ang Makalangit na Mga Mensaheng ito, kakanin nyo ang inyong mga salita at gugustuhin nyong putulin ang inyong mga dila, dahil malapit nyo nang malaman kung paano Ako ininsulto ng inyong mababahong salita. Hindi nyo lamang sinusumpa ang Diyos kundi hinahadlangan pa nyo ang Makalangit na Misyong ito na magligtas ng mga kaluluwa.

**Sa bawat kaluluwang ipinagkakait nyo sa Akin, magdurusa kayo nang walang-hanggan.** Pag palaban kayong tatayo sa Harap ng Diyos, hindi kayo papayagang gawin ito. Tandaan nyo, gaano Ko man kayo kamahal, manghihimasok Ako pag sinikap nyong sabotahihin ang Gawain ng Diyos sa Pangwakas na Misyong ito para iligtas ang sangkatauhan.

**Dumating na ang panahon para ibigay sa mundo ang Aklat ng Katotohanan.** Kung sumusunod kayo sa Akin pero hindi nyo Ako tinatanggap ngayong Nananawagan Ako sa inyo, huwag kayong mag-alala, sapagkat hindi Ko kayo Huhusgahan. Pero pag tinangka nyong pigilan Ako sa pagligtas sa mga Anak ng Diyos, pababagsakin Ko kayo.

*Ang inyong Jesus*
*Tagapagligtas ng Sangkatauhan*

# Hindi hinihiling ng Diyos na sa paggugol nyo ng panahon, ay kaliligtaan nyo na ang mga pang-araw-araw na gawain at ang panahong ginugugol nyo sa pamilya at mga kaibigan

Biyernes, Ika-14 ng Hunyo, 2013 sa 11:50 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, pag nagsimula na ang isang tao na maniwalang siya'y hindi na kailanman matatalo, naligaw na siya.

**Ang napakaraming tao, na ayaw tanggapin na ang buhay sa Lupa ay isa lamang maliit na bahagi ng kanilang espiritwal na paglalakbay tungo sa Aking Kaharian, ay nag-aaksaya ng maraming mahalagang oras.** Ang panahong tinutukoy Ko ay yung ibinigay sa inyo ng Diyos, kung saan kailangang mamuhay kayo nang naaayon sa Kanyang Mga Utos, para makamtan nyo ang Buhay na Walang-hanggan. Kung hindi nyo tatanggapin ang Diyos, inihihiwalay nyo ang inyong sarili sa Kanya. Pag ginawa nyo yun, madadali ang inyong buhay. Sa halip ng Kaloob na Walang-hanggang Buhay, ang inyong buhay ay matatapos pag namatay kayo sa buhay na ito. Kailangang huwag nyong sayangin ang panahong ibinigay sa inyo sa buhay na ito sa paghabol sa walang-silbing mga bagay, na magiging alikabok lamang sa paglipas ng panahon.

**Hindi hinihiling ng Diyos na paggugugol nyo ng panahon, ay kaliligtaan nyo na ang mga pang-araw-araw na gawain o ang panahong ginugugol nyo sa pamilya at mga kaibigan.**

Hindi nito ibig sabihin na, kung tinatamasa nyo ang mga bunga ng buhay sa Lupa ay hindi kayo makakasunod sa mga paraan ng Panginoon. Magagawa nyo yun.

Anak Ko, nais Kong ipagbigay-alam na maraming kalituhan tungkol sa Aking mga ninanais para sa sangkatauhan pag gusto Kong sundin nila ang Aking Mga Aral.

**Ang paghalakhak ay mabuti. Ang pagsasamahan ay mahalaga. Ang pagkakaroon ng katuparan sa buhay ay mabuti, basta't nagpapakita ka ng kababaang-loob at nagpupuri ka sa Diyos at ipinagpapasalamat maging ang pinakamaliit na kasiyahan.**

Anumang Kaloob na tinatanggap mo sa buhay na ito, para sa ikabubuti ng iba, ay sa Diyos lamang maaaring manggaling. Kung paano mo gagamitin ang mga Kaloob na ito ay magiging mahalaga para sa kaligtasan ng iyong kaluluwa, pag ang mga Kaloob na ibinigay ng Diyos ay ibinabahagi sa iba. Ang ilan ay binibigyan ng malalaking talento, pero lahat ng kaluluwa ay ipinanganganak na may Mga

Kaloob. Ang mga ito ay para matulungan kayong tulungan ang iba. Yung mga ipinanganganak na may talento para sa negosyo ay may obligasyong tiyakin na ito'y nagagamit sa mabuting paraan, para sa kapakanan ng iba. Ang iba nama'y gagamitin ang kanilang Mga Kaloob para kalingain ang kanilang kapwa at pasayahin ang buhay ng iba. At nandyan din ang mga kaluluwang nagdurusa. Ang pagdurusa nila ay isa ring Kaloob, dahil makakatulong sila sa pagliligtas ng mga kaluluwa ng iba, at sa gayon, makakamtan nila ang pinakadakilang Kaloob sa lahat – ang Buhay na Walang-hanggan.

Nagbibigay ng buhay ang Diyos, at ito'y may dahilan. At ito ay para bigyan ng Luwalhati ang Diyos at himukin ang Kanyang mga anak na makiisa sa Kanya, sa wakas, pag nagbago ang buhay. **Ang mga anak ng Diyos ay inihahanda na para sa pagbabagong ito, pag, sa wakas, ay mapapasakanila na rin ang maluwalhating Buhay na Walang-hanggan na ipinangako kina Adan at Eba.**

Mahalaga na sikapin nyong magpakita ng malaking pagmamahal at pagmamalasakit sa isa't isa, kung paanong inaasahan nyong tatratuhin Ko kayo, pagdating Ko para maghukom. Araw-araw, kailangang itanong nyo sa inyong sarili – sa lahat bang gawain ko ay nabigyan ko ng kasiyahan ang Diyos? Sapat na ba ang ginagawa ko para masunod ang mga Utos ng Diyos? Nilalabag ko ba ang mga Batas ng Diyos, at kung gayon, ano ang ibubunga nito?

Bale-walain nyo ang mga pangangailangan ng iba at mababale-wala ang inyong mga pangangailangan. Saktan nyo ang isa man sa mga anak ng Diyos nang may pananadya at magdurusa kayo. Patayin nyo ang isa man sa mga anak ng Diyos at hindi kayo magkakaroon ng buhay. Ang buhay sa Lupa, bagamat ito'y makakapagdulot ng malaking pagmamahal, tuwa at pag-asa, ay puno ng pagsubok. Bawat pagsubok ay kailangang harapin at kailangan nyong tanggapin na ito'y bahagi ng plano ng Diyos sa paglilinis ng Kanyang mga anak.

Pag kayo'y namumuhay nang hindi kumikilala sa Diyos, kayo'y namumuhay para lamang bigyan ng daan ang inyong mga sariling pagnanasa. Pag hindi kayo nagtatakda ng mga pamantayang ibinibigay ng Diyos, maliligaw kayo ng daan. Pag kayo'y naligaw nang napakalayo at hindi nyo na malaman ang daang pabalik, sa puntong yun, kailangan nyo nang ipanalangin na kayo'y tulungan ng Grasya ng Diyos.

**Bawat isang kahilingan sa Diyos, kung ito'y para sa ikabubuti ng inyong kaluluwa at para sa mga pangangailangan ng inyong mga mahal sa buhay, ay laging sinasagot.**

*Ang inyong Hesus*

# Sa loob ng Imperyo Romano mag-aalsa laban sa Akin ang malaking kasuklam-suklam

Sabado, Ika-15 ng Hunyo, 2013 sa 4:48 ng Hapon

Pinakamamahal Kong anak, kung paanong Ako'y mag-isang lumakad sa mabagal at masakit na pag-akyat sa tuktok ng Bundok ng Kalbaryo, gayundin lalakad ang Aking Natitirang Hukbo.

**Nang nilakad Ko ang mahirap akyating burol na ito, napapaligiran ako ng daan-daang sundalong Romano na humarang sa mga taong nasa tabi ng daan na gustong magbigay ng ginhawa sa Akin.** Bagamat hindi naman kailangan ang ganung karaming sundalo para bantayan ang iisang tao, ang presensya nila ay para ipakita ang ilang bagay. Gusto nilang ipakita sa Aking mga alagad at sa sinumang magtatangkang ipalaganap ang Katotohanan ng Aking Mga Aral, na sila ang makapangyarihan. Ang palabang aktong ito ay para bantaan at takutin yung mga nangahas magpakita ng katapatan sa Akin.

Ang mga Hudyo ay itinanggi Ako at pagkatapos ay ipinagkanulo Ako. Ang mga Romano naman ay ipinako Ako sa Krus, at ang lugar kung saan ang Aking Mahal na si apostol Pedro ay inutusang itatag ang Aking Simbahan sa Lupa, ay sa Roma. Ito'y dahil gusto Kong ang Aking Simbahan ay maitatag kung saan naroon ang mga umusig sa Akin. **Habang nalalapit ang Aking Ikalawang Pagdating at nahahayag ang Aking Pangwakas na Misyon na magbalik para dalhin sa sangkatauhan ang pangwakas na kaligtasang Aking ipinangako, ang kasaysayan ay mauulit.** Ang mga Hudyo ay itatanggi pa rin Ako, hanggat hindi pa nangyayari ang Babala. Ang mga kaaway ng Diyos ay mag-aalsa laban sa Akin, sa lahat ng dako. Yung mga nagmamahal sa Akin at yung mga nagsasabing kinakatawan nila Ako, ay ipagkakanulo Ako.

Sa loob ng Imperyo Romano mag-aalsa laban sa Akin ang malaking kasuklam-suklam.

Ang Babilonia, na tahanan ng Imperyo Romano at kinaroroonan ng mga bansang tumalikod sa Diyos para sumamba sa mga pekeng diyus-diyusan, ang magiging luklukan na pagmumulan ng bukal ng mga kasinungalingan.

**Ang halimaw na may sampung sungay ay ang Europa, at sa Roma, isang hukbo ang mag-aalsa laban sa Akin. Sila na naman ang minsan pang may pananagutan sa pagpapako sa krus bago dumating ang Dakilang Araw.** Sila ang magbabato ng pangwakas na insulto, pag ipinako na nila sa krus at winasak ang Aking Katawang Mistikal sa Lupa. Ang Aking Katawan ay ang Aking Simbahan.

Yung mga hihiwalay sa Aking Katawan, sa pagpapasya nilang sumunod sa isang bagong doktrina, ay magkakanulo sa Akin at may lakas ng loob pa silang manindigang sila'y galing sa Akin.

Sa araw na ipakilala ang relihiyong One World, na aaprubahan ng ilang sektor sa loob ng Simbahang Katolika, gaya ng sinabi sa propesiya, magdidilim ang kalangitan at isang malaking pagkulog ang babagsak sa Lupa. Ito'y magiging katulad noong sandaling nagbitaw Ako ng Aking huling hininga sa Krus, nang ibagsak ng Aking Ama ang Kanyang Galit sa Bundok ng Kalbaryo. Pag nangyari yun bilang palatandaan na nakuha na ang Aking Isa at Tunay na Simbahan at napalitan na ng isang peke at paganong kasuklam-suklam, kailangan nyong malaman ito. Dito na magsisimulang ulanin ng mga parusa ang sangkatauhan sa lahat ng dako.

**Lahat ng palatandaan ay ibibigay mula sa Langit para babalaan yung mga kumakampi sa di-totoong propeta at ang malapit na niyang maging kasangga, ang antikristo, na mabibilang na ang kanilang mga araw.** Ipapakita sa kanila kung paano matikman ang Galit ng Aking Ama. Maraming obispo at pari na makikita ang Katotohanan sa panahong yun at lalabanan nila ang kasamaang ito. Hindi nila Ako iiwan at magpapatuloy sila sa pamumuno sa Aking Tunay na Simbahan sa Lupa. Malungkot, pero maraming hindi magkakaroon ng tapang at sila'y magiging parang mga tupang inaakay para katayin,

pero mapapanatag sila sa kaalamang hindi Ko sila kailanman pababayaan. Padadalhan Ko sila ng maraming tulong at, pag naitulak na sila sa isang tabi, ang Aking Natitirang Hukbo ang babangon at magpapalaganap ng Mga Ebanghelyo. **Mangangaral sila sa lahat ng sulok ng mundo at sila'y magiging walang takot. Ang kanilang pagmamahal sa Akin ang gagapi sa gawain ng antikristo.** Ang kanilang pagsunod sa Akin at ang kanilang pagtugon sa Aking Mga Crusade Prayer ay magliligtas ng bilyun-bilyong kaluluwa.

At pagkatapos ay matutupad na rin ang Aking Plano.

*Ang inyong Hesus*

# Ang Diyos ay Nasa bawat tao na isinilang sa mundong ito, anuman ang kanilang pananananampalataya o pananalig ng kanilang mga magulang

Sabado, Ika-15 ng Hunyo, 2013 sa 11:44 ng Hapon

Ako ang iyong mahal na Jesus, Na gumagawa sa pamamagitan ng iyong kaluluwa. Kahit na di mo Ako pinapansin, Narito Ako. Gumagawa Ako sa pamamagitan ng iyong kaluluwa sapagkat ito'y ibinigay mo sa Akin, kaya lagi kang magdurusa para sa Akin at kasama Ko.

Ngayong araw, anak Ko, nakikiusap Ako sa mga nagsasabing sila'y hindi naniniwala sa Diyos. **Kung hindi kayo naniniwala sa Diyos, kailangan Ko ngayong ipaliwanag kung paano nyo malalaman na May Diyos nga. Sa bawat uri ng buhay ay naglalagay ang Diyos ng damdamin ng pagtataka at pagkamangha, kaya ang isang kaluluwa ay laging nagkakaroon ng masidhing pagmamahal para sa iba pang mga Nilikha ng Diyos.**

Bawat isa sa inyo ay isang Nilikha ng Diyos. Isa itong katunayan. Ilan sa inyo ay ipinanganak na napakaganda. Ang ilan naman ay ipinanganak na maraming depekto. Ang iba pa ay ipinanganak na nakakakilabot ang itsura. Pero lahat ay ipinanganganak dahil pinapayagan ito ng Diyos.

Marami sa inyo ang mangangatwiran na pigilin ang pagkakaroon ng buhay sa mga anak ng Diyos na maraming depekto. Ilan sa inyo ang walang-awang papatay sa mga anak ng Diyos sa loob ng sinapupunan at pagkatapos ay bibigyan ng katwiran na marami rito ay makasarili. Dahil dito, kayo'y kokondenahin, maliban kung hihilingin nyo sa Akin na kayo'y Aking patawarin. Patatawarin kayo pero kung talaga lamang kayong nagsisisi dahil sa ginawa nyo para sumpain ang Aking Ama.

Ilan sa inyo ay ipinanganak na may mga depekto, na lumilikha ng troma sa inyong buhay. Bagamat mahirap ito, ibinibigay sa inyo ang pagdurusang ito para iligtas ang iba, at kung hindi ay mawawala na sila. Alam nyo, yung mga lumalapastangan sa Aking Ama at hindi kailanman hihingi ng kapatawaran para sa kanilang mga kasalanan, ay mapupunta sa apoy ng Impiyerno magpakailanman. Ang inyong

pagdurusa ay makakatulong sa pagliligtas sa kanila, sapagkat hindi nila kayang iligtas, at hindi nila ililigtas, ang kanilang sarili. Pinili nyo ang pagdurusang ito bago kayo ipinanganak. Maaari nyo itong tanggapin na ngayon, o baka paglipas pa ng ilang panahon, pero ligtas kayo sa Aking Kaharian sapagkat mapapasainyo ang Kaluwalhatian magpakailanman.

*Ang inyong Jesus*

# Ako ay Pag-ibig. Ako ay Diyos. Pareho at iisa Ito.

Miyerkules, Ika-19 ng Hunyo, 2013 sa 3:00 ng Umaga

Pinakamamahal Kong anak, **ang Aking nais na buuin ang pinakapuso ng Aking Hukbo sa Lupa, ay natutupad na ngayon.** Mula sa maliliit na bunga, ang mga ito'y ikakalat at lalago at lalaganap sa lahat ng dako.

Anak Ko, **ang pundasyon ang mahalagang bahagi.** Tulad ng isang sanggol, na nabubuo sa sinapupunan, na tumatanggap ng pagkain mula rito. Ang paglaki nito ay mabagal pero sa paraang kumpleto, hanggang sa ito'y ilabas mula sa sinapupunan at maging handang isakatuparan ang buhay na itinakda para rito ng Aking Ama.

Magiging kapareho nito ang pagsilang ng Aking Natitirang Hukbo. **Kakailanganin ang malaking paghahanda bago ito maging handang pumusisyon sa mundo, pero matatag ang pundasyon nito - ang ang mga kaluluwa na siyang mga batong ginagamit sa pagtatayo, ay mabubuklod para itayo ang isang kakila-kilabot na Hukbo.** At pagkatapos, ang Hukbong ito ay kakalat at lalaki sa lahat ng dako, sa biglaan at malakas na paraan kaya magiging mahirap itong bale-walain. **Yung mga kasapi sa aking Natitirang Hukbo ay hindi makasarili, hindi mayabang, at hindi nila kailangang umasa sa mga siyentipikong paraan ng pagsusuri sa Aking Salita, na hihilingin sa kanila para patunayan ang Katotohanan ng Diyos.**

Ang Siyensiya ay isang Kaloob mula sa Diyos, pero hindi maipaliliwanag ng siyensiya ang Misteryo ng Diyos. Kayo yung mga kailangang mapaginhawa ng mga paliwanag na lohikal tungkol sa kung paano Ko kinakausap ang mga anak ng Diyos sa Lupa sa pahanong ito, ay mabibigo. Walang kasagutang magiging kasiya-siya sa kanila. Ang isa sa pinakadakilang mga Kaloob na ibinigay sa tao ay pag-ibig. Ang pag-ibig ay hindi maipaliliwanag ni mapatutunayan ng siyensiya, dahil ito'y galing sa Espirito ng Diyos. Ito'y nasa inyong lahat. Nadarama nyo ito. Ito ang sinsing ng kadena na nagbubuklod sa buong sangkatauhan, na hindi kayang sirain ng kapangyarihan ng kasamaan. Ako ay Pag-ibig. Ako ay Diyos. Pareho at iisa Ito. Kung walang pag-ibig, hindi sana kayo nagkaroon ng buhay. Pag-iisahin kayo ng pag-ibig, palalakasin at pananatiliin kayong magkakasama nito. Tutulungan kayo ng pag-ibig na maghatid ng mga kaluluwa sa Akin.

*Ang inyong Jesus*

# Ito ang pinakamalaking kasinungalingan – na si Satanas ay may kakayahang sabihin ang mangyayari sa hinaharap. Hindi ito kailanman mangyayari

Biyernes, Ika-21 ng Hunyo, 2013 sa 11:50 ng Umaga

Pinakamamahal Kong anak, habang ang paganismo ay kumakalat na parang sakit na nakakahawa sa buong mundo, nagsisimula ang tao na itaas ang kanyang sarili bilang Diyos. **Maraming sekta ang hindi tumatanggap na Merong Tunay na Diyos, at sa halip ay pinararangalan ang halimaw sa kanilang mga templo. Ang mga kawawang kaluluwang mga ito, na dahil sa pagmamahal sa kanilang sarili, bunga ng matinding ambisyon, ay nagtayo na ng mga templo, na walang-kahihiyang pinararangalan si Satanas.** Para sa maraming mga tagalabas, ang mga templong ito ay parang mga simbahang nagpaparangal sa Diyos. Pero huwag kayong paloloko. Ang tangi at kaisa-isang layunin ng mga ito ay sambahin ang halimaw, na nangangako sa kanila ng buhay na walang-hanggan. Ipinangangako niya sa kanila na, sa pagpaparangal nila sa kanilang pagmamahal sa sarili, bilang kapalit ng pagmamahal sa Diyos, makakamtan nila ang isang walang-hanggang paraiso ng kasiyahan.

Ang pangako sa kanila ng halimaw, na malinaw na nakikipag-usap sa kanila, ay sadyang ginawa para sila'y lokohin at papaniwalain sa isang kasinungalingan. Na kung ilalagay nila sa harap ng altar ng halimaw – ang pekeng diyus-diyusan na kanilang sinasamba sa halip ng Aking mahal na Ama – ang kanilang mga kahilingan para sa mga makamundong kasiyahan at pagbibigay-kasiyahan sa sarili ay sila'y gagantimpalaan. Kung uunahin nila ang kanilang mga pangangailangan , bago ang sa iba, naniniwala sila na sila'y pagkakalooban ng malaking kayamanan, kapangyarihang magmanipula, at kalayaan. Ang mga taong ito ay hinihimok na kanilang ilagay ang kanilang sarili bago ang Diyos at hanapin ang mga kapangyarihang magagamit nila para talunin ang Makalangit na Kaharian ng Diyos. Malungkot sabihin, pero gagawin nila ang lahat para matupad ang kanilang ambisyon sa kayamanan at pagmanipula sa iba gamit ang puro at walang-halong katakawan. Sisirain nila ang buhay ng iba. Papatay sila para makuha ang kanilang pakay at isinusumpa nila araw-araw ang Diyos.

**Pag isinusumpa nila ang Diyos, nagdiriwang sila ng mga itim na misa, at karamihan dito ay ginagawa nang palihim at dinadaluhan ng mga makapangyarihang mga tao, kasama yung mga nagsasabing sila'y naglilingkod sa Diyos sa Kanyang mga simbahan.** Ang kanilang mga maka-satanas na seremonya ay kung saan-saan na ginagawa at ipinagmamalaki nila ang kanilang asal. Ipinagyayabang nila na ang kanilang mga gusali ay mga templo, dahil walang-wala silang kahihiyan sa kanilang mga kaluluwa. Ang mga templong ito ay itinayo para parangalan si Satanas, at hindi ang Diyos, pero papapaniwalaan kayo sa kabaligtaran.

Sila'y parurusahan Ko dahil sa kanilang mga krimen laban sa sangkatauhan at mga pambabastos sa Diyos, na sila ang maysala. **Marami sa kanila ay isinusumpa ang Aking Ama sa paggamit ng mga salitang sa Kanya lamang maaaring iukol. Sinabi ng Aking ama: "Ako ang Simula." Ang "Ako" ay ginagamit para ipahiwatig ang kanilang pagmamahal sa sarili, at gagayanin nila ang lahat ng banal na akto, gawain at mga salita, na ibinigay ng Diyos sa mundo, para Siya'y bastusin.**

Ang kanilang mga templo, sa panahon ng Malaking Parusa, ay wawasakin ng Diyos at ang mga ito'y magiging walang-silbi at walang laman, at walang kahit anong kapangayarihan sa mga anak ng Diyos. Gayunpaman, sila, gaya ng lahat ng anak ng Diyos, ay bibigyan ng pagkakataong talikuran si Satanas

bago sumapit ang Dakilang Araw.  Tatanggapin ng ilan ang Aking Kamay ng Awa, pero marami ay tatanggihan ito, dahil pinaniniwalaan nila ang mga maka-demonyong mga pangako, na itinatak sa kanilang mga kaluluwa  ng halimaw.

Pinaniniwalaan nila na kung kokontrolin nila ang mundo, palalawakin ang kanilang kaalaman sa sanlibutan, mamanipulahin ang buhay sa pagpapahaba ng buhay ng tao, at uubusin ang populasyon ng mundo, ay sila'y magiging gaya ng Diyos.

Todo-ingat si Satanas sa paraan ng paghuli sa kanilang mga kaluluwa.  Pinakikitaan niya sila ng malalaking pangitain ng hinaharap, na sinasabi niya ay sa kanila.  Sinasabi niya kung ano ang mga malalaking pangyayari sa hinaharap, at ang mga ito'y kukunin na lamang nila.  Lahat ay kasinungalingan.  Wala siyang sinabi sa kanila na totoo.  Si Satanas ay maraming kapangyarihan, na ibinigay sa kanya ng Diyos, bilang si Lucifer, isa sa mga pinakamakapangyarihang anghel sa pagra-ranggo ng Aking Ama.  Pinapakitaan niya ang kanyang mga alagad ng magagandang larawan ng isang maluwalhating kinabukasan, na sinasabi niya'y mapapasakanila kung isusuko nila ang kanilang mga kaluluwa sa kanya.  Pinaniniwalaan nila ang kanyang mga pangako ng hinaharap.

**Ito ang pinakamalaking kasinungalingan – na si Satanas ay may kakayahang sabihin ang mangyayari sa hinaharap, pero hindi ito kailanman mangyayari.  Ang propesiya ay sa Diyos lamang maaaring magmula.** Walang sinumang binigyan ng Kaloob na ito, na tanging mula lamang sa Mga Labi ng Diyos magmumula.  Si Satanas ay walang kakayahang sabihin kung ano ang mangyayari sa hinaharap, na ang mga detalye ay sa mga propeta ng Diyos lamang ibinibigay.  Kung maniniwala kayo sa mga pangako ni Satanas, ang inyong buhay ay magiging isang kasinungalingan at hindi mapapasainyo ang Buhay na Walang-hanggan, maliban kung tatanggapin nyo ang Katotohanan.

Ipinangako  na sa inyo ng Diyos ang Buhay na Walang-hanggan.  Ang Aking Pangakong muli Akong darating at dadalhin kayo sa Paraiso ay Totoo.  Huwag nyong insultuhin ang Diyos  sa pamamagitan ng pagtanggi sa Katotohanan.

*Ang inyong Jesus*

# Diyos Ama: Pag ang Aking Anak ay itinuring na isang makasalanan, dapat nyong malaman na ito na ang pinakamalubhang paglapastangan sa Diyos

Linggo, Ika-23 ng Hunyo, 2013 sa 6:18 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, ano ang magiging reaksyon ng isang magulang pag nalaman niya na ang kanilang mga anak ay nahaharap sa kamatayan?  Hindi ba sila kakapit sa patalim para iligtas ang mga ito sa kapahamakan?  Ito mismo ang dahilan kung bakit Ako ngayo'y nanghihimasok sa mundo sa pamamagitan ng pag-utos sa Aking Anak na sabihin ang Katotohanan, para iligtas ang buhay ng Aking mga anak.

Yung maliliit na bagay sa buhay ang nakakaapekto sa buong mundo.  Ang bubuyog na magbabago ng asal kaya hindi na magkaroon ng bulo ay magkakaroon ng epekto sa buhay sa Lupa.  Sa pamamagitan

ng Simbahan ng Aking Anak sa Lupa, nakakapanatiling buhay ang kaluluwa. Kung wala ang Katotohanan, hindi mapapanatili ng Simbahan ng Aking Anak ang buhay. Kaya kung ang mga kasinungalingan ay makakalusot sa loob ng mga pader ng Simbahan, kung hindi Ako manghihimasok, ito'y makakaapekto sa buhay ng kaluluwa.

**Pag umabot sa punto na lalabanan ng Simbahan Ang Lumikha sa kanya, dito mawawasak ang buhay. Ang panghahawang ito ay makakaapekto sa buong mundo, kabilang yung mga hindi naniniwala sa kabilang buhay.** Maaapektuhan nito maging yung mga iba ang pananalig, na hindi nagmumula sa Akin. Pag hinawahan ng mga kasinungalingan ang Katawang Mistikal ng Aking Anak na si Jesucristo sa Lupa, magiging sanhi ito ng pagkakasakit. Ang pagkakasakit, pag hindi inasikaso, ay mauuwi sa kamatayan. Kaya nga, bilang Diyos, ang Ama ng buong Sangnilikha, hindi Ako magsasawalang-kibo at hahayaan na lamang ang Aking mga kaaway na wasakin ang mga kaluluwa ng Aking mga anak.

**Pag kayo'y napaharap sa mga kasinungalingan, lalabas ang mga ito sa mga bibig ng mga manloloko sa nakakalito at walang-katuturang paraan. Ang mga kasinungalingan, na inumpisahan na, ay nadadamitan ng parang mapagkumbabang pananalita, pero sa likod nito ay ang pinakamalalaking kasinungalingan laban sa Totoong doktrina ng Simbahan.** Kilalanin nyo sila kung ano talaga sila – mga sugo para hikayatin kayong gumawa ng kasalanan. Pag ang Aking Anak ay itinuring na isang makasalanan, dapat nyong malaman na ito ang pinakamalubhang paglapastangan sa Diyos, dahil ito'y imposible.

Isinugo Ko ang Aking Anak, bilang tao na may katawang-tao at katulad nyong lahat, maliban sa isang bagay. Isinilang Siya na walang kasalanan, kaya wala Siyang kakayahang gumawa nito. Ang sinumang gumagamit ng Katotohanan at pagkatapos ay binabaluktot ito para maglagay ng isang bagong kahulugan sa Pagpapako sa Krus ng Aking mahal na Anak, ay isang sinungaling. Hindi siya galing sa Akin at siya'y isang kaaway ng Aking Anak.

Magbantay na kayo ngayon, mga bunso Ko, sapagkat ang halimaw at ang mga demonyong isinugo niya para agawin kayo sa Akin, ay gumagala sa inyong hanay. Magpakatatag kayo. Lagi nyong isaisip na ibinigay sa inyo ng Aking Anak ang Katotohanan nang Siya'y maglakad sa Lupa at mamatay para sa inyong mga kasalanan. **Inialay Niya ang Kanyang Katawan para kayo'y tubusin, pero hindi kailanman Siya naging isang makasalanan, sapagkat hindi Siya isa sa inyo.**

Kailangang maging tapat kayo sa Aking Salita at sa Mga Aral ng Aking Anak. Kung hindi, matutukso kayong tanggapin ang mga kasinungalingan, na walang idudulot sa inyo kundi pagdurusang walang katapusan.

*Ang inyong mahal na Ama*
*Diyos na Kataas-taasan*

## Ang Katotohanan ang magpapalaya sa inyo. Ang mga kasinungalingan ang wawasak sa inyo

Linggo, Ika-23 ng Hunyo, 2013 sa 6:37 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, **binibiyak ng matinding dalamhati ang Aking Puso dahil sa pagdurusa ng Aking kawawang mga mahal na lingkod, na nagsisimula na ngayong makita ang kalituhan na inihaharap sa loob ng Aking Simbahan.** Sa kanila, ito ang sinasabi Ko. Manatili kayo sa inyong kinalalagyan at gawin ang dapat nyong gawin para paglingkuran Ako, sa ilalim ng bubong ng Aking Simbahan. Magpakatatag kayo sa Aking Mga Aral. Huwag nyong tatanggapin ang mga bago at tinatawag na mga paliwanag na pang-teolohiya tungkol sa kung Sino Ako; kung anong ginawa Ko para sa sangkatauhan o kung paano Ako babalik para kunin ang lahat ng anak ng Diyos na tumatanggap sa Aking Awa. Tanging sa Aking Banal na Salita lamang kayo magtiwala, ang Salitang ibinigay sa inyo sa pamamagitan ng Aking mga apostol at nasa Kabanal-banalang Biblia. Anumang may pinagka-iba sa mga Banal na Sakramento o sa mga sinabi na sa inyo tungkol sa pangangailangan ng pagtubos – ay huwag nyong tatanggapin.

Ako ang Katotohanan. Ibinigay na sa inyo ang Katotohanan. Tanging ang Katotohanan lamang ang makapagliligtas sa inyong mga kaluluwa sa walang-hanggang parusa. Ang Katotohanan ang magpapalaya sa inyo. Ang mga kasinungalingan ang wawasak sa inyo. Ipinangangako Ko sa inyo, mahal Kong mga sagradong lingkod, na bibigyan kayo ng mga natatanging Grasya para maging matatag kayo sa harap ng pag-uusig, habang matinding sinusubok ang inyong pananampalataya, kung dadasalin nyo ang panalanging ito.

**KRUSADA NG PANALANGIN (110) Upang ang mga Pari ay Manatiling Tapat sa Iyong Banal na Salita**

*O pinakaiibig kong Jesus, ipinapakiusap kong panatilihin mo akong malakas at matapang, upang maipaglaban ko ang Katotohanan sa Kabanal-Banalang Pangalan Mo.*

*Pagkalooban mo ako ng Grasyang kailangan ko –sumasamo ako – na magpatotoo sa Iyong Banal na Salita sa lahat ng pagkakataon.*

*Loobin mong mapaglabanan ko ang mga pwersang nagkakalat ng mga kasinungalingan, habang alam ko sa aking puso na ang mga ito'y labag sa Iyo.*

*Tulungan mo akong manatiling tapat sa Iyong Banal na Salita, hanggang sa araw ng aking pagpanaw. Amen.*

Sa Aking mga sagradong lingkod, may sasabihin pa Ako na kailangan nyong pag-ingatan.

Kailangang ipagtanggol nyo ang Kaloob na Pakikipagbalikan, at tanggapin na yun lamang mga naghahangad ng pagsisisi sa kanilang mga kasalanan at tumatanggap sa Akin, si Jesucristo, bilang susi ng kanilang kaligtasan, ang siyang sasama sa Akin sa Paraiso.

*Ang inyong Jesus*

# Ina ng Diyos: Kailangang kayo'y manatiling tapat sa ipinangaral ng aking Anak sa inyo. Siya'y katulad nyo sa lahat ng bagay maliban lamang sa kasalanan

Lunes, Ika-24 ng Hunyo, 2013 sa 2:18 ng Hapon

Ako ang inyong mahal na Ina, Reyna ng lahat ng anghel, Ina ng Diyos. Ako ang Immaculada Concepcion.

Mga anak ko, hindi nyo ba alam na sa panahong ito, ang aking Anak ay ginagabayan kayong lahat na humaharap sa Kanya nang may bukas na puso?

Para makapagpatotoo kayo sa Panginoong Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang bugtong na Anak, kailangang manatili kayong tapat sa Kanyang Mga Aral. Itinaga sa bato ang mga ito kaya hindi na kailanman magbabago. **Ang Katotohanan ay hindi kailanman magbabago.** Lahat ng anak ng Diyos ay binigyan ng Katotohanan, pero hindi lahat ay tumanggap sa Kanya o kung saan Siya nagmula. Yung mga tumatanggap naman sa Katotohanan na ibinigay sa sangkatauhan ng Pagpapako sa Krus ng aking mahal na Anak na si Jesucristo, ay kailangang huwag na huwag kalimutan ang sinabi Niya sa inyo.

Ipinaliwanag Niyang lahat sa inyo. **Walang nabago. Kailangang maging alisto kayo sa lahat ng oras, dahil ngayon pa man ay niloloko na kayo at hindi magtatagal ay marami sa inyo ang mahuhulog sa kamalian.** Ang kasalanan ay kasalanan. Hindi ito kasiya-siya sa Diyos, pero pinatatawad pag may pagsisising ipinapakita at pag humihingi kayo ng pagtubos. Ang Mga Grasya ng Buhay na Walang-hanggan ay para sa lahat ng anak ng Diyos, na humihingi sa mga ito. **Bawat anak ng Diyos, sa pamamagitan ng Awa ng aking Anak, ay bibigyan ng panahon at pagkatapos ay isang dakilang Kaloob para paalalahanan sila tungkol sa Katotohanan.** Sa gayon, karamihan sa populasyon ng mundo ay maliligtas at maaaring mailigtas, at pagkatapos ay bibigyan sila ng Kaloob na Buhay sa Bagong Paraiso.

Bilang isang makasalanan, kailangang ipagpatuloy nyo ang paghingi ng tawad sa pamamagitan ng aking Anak, para makapanatili kayo sa Kalagayan ng Grasya. Hindi kayo mapapatawad sa inyong mga kasalanan hangga't hindi nyo hinihiling sa aking Anak ang Kaloob na Pakikipagbalikan.

**Kailangang kayo'y manatiling tapat sa ipinangaral ng aking Anak sa inyo. Siya'y katulad nyo sa lahat ng bagay maliban sa kasalanan.** Ang Diyos ay Makapangyarihan-sa-lahat. Ang Diyos ay Pag-ibig. Ang Diyos ay Perpekto. Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang Anak, ay hindi kailanman matutuksong gumawa ng kasalanan.

Humayo kayo sa kapayapaan, mahal na mga anak, at pag kayo'y nanatiling matatag at tapat sa Katotohanan, na sa Diyos lamang maaaring magmula, ang inyong buhay ay magiging ganap at maluwalhati sa katawan at sa kaluluwa, at sa ganap na pagkakasundo sa aking Anak.

*Ang inyong Ina*

*Ina ng Kaligtasan*

# Napakakonti ng nakakatagpo ng kaginhawahan sa Akin. Mapasensya Akong naghihintay pero ayaw nilang lumapit sa Akin

Martes, Ika-25 ng Hunyo, 2013 sa 8:45 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, ngayong araw, ang Aking Mga Luha ay umaagos, sapagkat ang kabulukan ng kasamaan na nakita na sa puso ng tao, ay lumalala pa.

**Gayon na lamang ang pagmamatigas nila kaya wala nang lugar sa kanilang mga pusong bato para Akong si Jesucristo ay makatagpo ng ginhawa sa loob ng mga ito.**

Ang Aking Puso ngayon ay puno ng dalamhati, dahil sa mga Kristiyanong tinalikuran na ang Katotohanan at lahat ng ipinangaral Ko sa kanila.Napakakonti ng nakakatagpo ng kaginhawahan sa Akin. Mapasensya Akong naghihintay pero ayaw nilang lumapit sa Akin. Nagtayo na sila ng pader na maghihiwalay sa kanila sa Akin at sila'y puro salita pero kulang sa gawa pag ang pinag-uusapan ay ang Aking Pangakong magbalik. Gayun na lamang ang paglimot nila sa Aking sinabi, sa Aking ginawa para sila'y iligtas at sa sinabi Ko sa pamamagitan ng Aklat ng Aking Ama, para hintayin nila ang panahon pag nalalapit na ito.

Mga kawawang-kawawa Kong mga anak. Kailangang gisingin Ko muna ang pagmamahal nila sa Akin sa kanilang mga puso, para makatanggap sila ng ginhawa at pag-alis ng hapdi bunga ng kanilang malulungkot at mahihirap na pagsubok sa buhay na ito.

**Kailangang itaas nila ang kanilang mga kamay at tawagin na Ako, sa panahong ito, para magawa Kong walang hapdi para sa kanila ang pagbabago.**

Hindi ko gustong pahirapan ang mga anak ng Diyos. Pero sa pagtalikod nila sa Katotohanan ng Aking Mga Aral at sa Mga Utos na inilatag ng Aking Ama, masasangkot sila sa isang nakakakilabot na paglaban sa espirito ng kasamaan, bago sila madala ng Aking Awa sa Aking Mga Braso pag iniligtas Ko sila.

Ang liit ng pagtitiwalang meron sila sa kanilang puso, para sa Isang Tunay na Diyos! Ang bababaw nila at ang bilis nilang tanggapin ang mga kasinungalingan para mabigyan nila ng kasiyahan ang kanilang pagnanasa sa kasalanan! Ang dali nilang mapapaniwala pag tatanggap sila ng mga kasinungalingan, na angkop sa uri ng kanilang mga pamumuhay, para bigyang-katwiran ang kasalanan! Lahat ng kapani-paniwala, basta't mabibigyang-katwiran ang kasalanan sa pamamagitan ng pag-iisip ng tao, ang tanging landas na kanilang pinipili, para makapamuhay sila kung paano nila gustuhin. **Ang Katotohanan ay napakahirap lunukin at mahirap tunawin, dahil kailangang gumawa ng sakripisyo ng katawan para tanggapin ito. Ang Katotohanan, kung ito'y tatanggapin o pag ito'y tatanggapin, ay nangangailangan ng malaking tapang, at yun lamang mga merong Kaloob na Kababaang-loob ang talagang madaling makakatanggap dito.**

Yung mga talagang naghahanap ng Katotohanan ng Diyos, kalimitan, ay naloloko ng mga nagsasabing sila'y nagpapahayag ng Salita ng Diyos. Ang tanging pagkikitaan ng Katotohanan ay ang Kabanal-banalang Biblia, at ang Aking Banal na Salita na ibinibigay sa inyo sa pamamagitan ng Mga Mensaheng

ito. Itinataguyod ng Aking Mga Mensahe ang Banal na Salita ng Diyos, kung paanong inilagay ito sa Aklat ng Aking Ama.

Hindi Ako madaling mahalin, dahil makakalapit lamang kayo sa Akin bilang isang simpleng bata. Ang inyong mga pagmamalaki at pagpapaganda na ipinapakita nyo sa mundo sa inyong pang-araw-araw na buhay, ay kailangang isantabi muna. Makakalapit lamang kayo sa Akin bilang isang simple at mapagtiwalang bata. Kailangang magpatirapa kayo sa harapan Ko at hilingin sa Akin na kayo'y kunin, hubugin, at tulungang lumakad sa tamang landas tungo sa kabanalan, at pagkatapos ay lubusang manalig sa Akin.

Sa sandaling isuko nyo ang lahat sa Akin, itataas Ko kayo, aalisin Ko ang inyong takot, at dadalhin Ko kayo tungo sa Aking Kaharian. Pero kahit na ang Pag-ibig sa Diyos ay nasa inyo nang kaluluwa, mahihirapan pa rin kayong lumakad sa landas na ito. Gayunman, madarama nyo na parang nahawi ang mga agiw, dahil sa sandaling ang Katotohanan ay naging malinaw, wala nang iba pang daan na magugustuhan nyong lakaran. Dahil ito lamang ang daan na magdadala sa inyo sa Paraiso, at yun ang daang kailangan nyong tahakin para makapunta kayo sa Akin, si Jesucristo. Dahil, Ako ang Daan.

*Ang inyong Jesus*

# Ina ng Kaligtasan: Dalhin nyo sa akin ang inyong mga anak, at nang sa ganun, tulad ng isang tunay na ina ng lahat ng anak ng Diyos, ay maialay ko sila sa aking Anak

Miyerkules, June 26, 2013 sa 4:50 ng Hapon

Mahal kong mga anak, bilang inyong Ina, nananawagan ako sa inyo na dalhin nyo sa akin ang inyong mga anak, at nang sa ganun, tulad ng isang tunay na ina ng lahat ng anak ng Diyos, ay maialay ko sila sa aking Anak na si Jesucristo.

**Pag iniaalay nyo ang inyong mga anak sa aking Anak, sa pamamagitan ko, ang Ina ng Kaligtasan, ihaharap ko sila sa aking Anak, para mapagkalooban Niya ng mga dakilang Grasya ang kanilang mga kaluluwa.**

Huwag na huwag nyong kalilimutan ang Pag-ibig ng aking Anak para sa mga anak ng Diyos. **Anumang edad nila, pag iniaalay nyo sila sa aking Anak, para sa ikababanal ng kanilang mga kaluluwa, sa pamamagitan ko, ang Kanyang Mahal na Ina, ang inyong mga panalangin ay sasagutin.** Narito ang isang Crusade Prayer para sa mga anak. Pag dinasal ito araw-araw, ilalapit nito ang inyong mga anak sa Maawaing Puso ni Jesus.

**KRUSADA NG PANALANGIN (111) Italaga ang Iyong mga Anak kay Hesu-Kristo**

*O mahal na Ina ng Kaligtasan, Itinatalaga ko ang aking mga anak (banggitin ang iyong anak/mga anak) sa harap ng Iyong Anak, upang sila'y mapagkalooban Niya ng kapayapaan ng ispiritu at pag-ibig sa puso.*

*Nawa'y ipanalangin mong ang aking mga anak ay tanggapin ng Iyong Anak sa Kanyang Mahabaging mga Bisig at sila'y mailayo sa kapahamakan.*

*Tulungan mong sila'y manatiling tapat sa Banal na Salita ng Diyos, lalo na sa mga oras na sila'y hinihikayat na tumalikod sa Kanya. Amen.*

Ang Aking pakiusap, alang-alang sa inyo, para sa inyong mga mahal na anak, ay tatanggapin ng aking Anak, bilang isang espesyal na Regalo sa akin, ang Kanyang Ina, habang tinutupad ko ang aking pangako sa aking Anak sa pagsisimula ngayon ng aking Misyon na tulungang iligtas ang mga kaluluwa ng mga naliligaw na mga anak ng Diyos. Ang aking papel bilang Ina ng Kaligtasan ay seryosohan nang nagsimula, at sa aking pamamagitan para ipagkaloob ang Awa ng Diyos sa mga makasalanan, ay masaganang ipagkakaloob ang mga natatanging Grasya sa mga tumatawag sa akin.

Hayo na sa kapayapaan, mga anak. Akong inyong Ina ng Kaligtasan, ay laging tutugon sa inyong tawag, pag hinihiling nyo ang kaligtasan ng mga kaluluwa.

*Ang inyong mahal na Ina*
*Ina ng Kaligtasan*

# Ang Aking Katarungan ay babagsak sa lahat ng pipigil na maiparating ang Banal na Salita ng Diyos sa mundo

Huwebes, Ika-27 ng Hunyo, 2013 sa 11:20 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, huwag mong hahayaang ang Aking Mga Pagbubunyag ay magdulot sa iyo ng lungkot o takot. Ginagabayan ka, at kahit hindi na matiis ang hirap, gunitain mo sana ang Aking Mga Salita.

Ipinangako ng Aking Ama, sa pamamagitan ng mga propeta noong sinaunang panahon, na isusugo niya ang pangwakas na propeta, ang pangwakas na sugo. **Maging kasindak-sindak man ito o kakila-kilabot para sa iyo, dapat mong malaman na sa pamamagitan ng aktong ito maisasakatuparan ang Pangwakas na Tipan ng Diyos.**

Ngayon pa man ay sinasabi Ko na sa ilan sa inyo na umiinsulto sa Salita ng Diyos: matakot na kayo. Ibaba nyo ang inyong paningin at takpan ang inyong mga mata ng inyong mga kamay, lalo na yung mga dumudura sa Aking Mukha, sa panahong ito, dahil dito sa Aking Mga Mensahe ng Pakikipagbalikan. Hindi kayo karapat-dapat na tumayo sa Aking Presensiya. **Kayong mga lumilibak sa Akin ngayon, mangungunsumi kayo at gagawin nyo ang pangungunsuming ito hanggang sa pagdating ng Dakilang Araw, dahil iniwala nyo yung mga kaluluwang Aking ninanais.**

Sa Aking mga sagradong lingkod, na pinagtatawanan ang Aking panghihimasok, sa pamamagitan ng Mga Mensaheng ito, darating ang inyong araw na kayo'y Aking tatanungin: Sa hinaba-haba ng panahong itinanggi nyo ang Aking Tunay na Tinig, ilang kaluluwa ang pinalapit nyo sa Akin? At ilan naman ang inyong pinalayo sa Akin dahil ng inyong mga akto, na gagawin Kong batayan para kayo'y Aking Husgahan?

**Yung ilan sa inyo, na sumisigaw ng kalapastanganan sa Espirito Santo, dapat nyong malaman na bago dumating ang Dakilang Araw, at bilang isang palatandaan sa lahat, kayo'y ibabagsak. Wala ni isang salitang mamumutawi sa inyong mga labi, at sa aksyong ito, kayo'y makikilala ng inyong kawan – yun mismong kawan na sinabihan nyong bale-walain ang mga Mensaheng ito, dahil hindi galing sa Diyos ang mga ito.** Sa araw na yun, malalaman ng inyong mga alagad ang Katotohanan, at kayo'y babagsak sa harapan Ko. Hindi Ko na ipaliliwanag ang babalang ito. Pag nilapastangan nyo ang Salita ng Espirito Santo, iwawalay Ko kayo sa Akin at magiging kahila-hilakbot ang mga sigaw nyo at nung mga isasama nyo sa ilang.

**Ang Aking Katarungan ay babagsak sa lahat ng pipigil na maiparating ang Banal na Salita ng Diyos sa mundo. Mapapasakanila ang pinakamalubhang parusa, na ang sakit na mararamdaman nila ay mas masahol pa kaysa nararamdaman nung mga nasa pinakamababang lugar ng Purgatoryo.** Ang inyong kabuktutan ay nakakasindak sa maraming mabubuti at inosenteng mga kaluluwa, na tapat sa Aking Simbahan sa Lupa. Ang inyong lupit, na mabubunyag sa paglipas ng panahon, ay makikita ng marami at pagkatapos ay masusubukan sa wakas ang inyong tunay na katapatan sa Salita ng Diyos. At pagkatapos ay tatayo kayo sa harapan Ko sa Dakilang Araw na darating Ako para bawiin ang lahat ng anak ng Diyos – pagdating Ko para palayain sila sa pagkakatapon at dalhin sila sa kanilang pangwakas na tahanan ng Pag-ibig at Kapayapaan tungo sa Bagong Panahon ng Aking Bagong Paraiso. Ito ang panahong magsasanib ang Langit at ang Lupa.

*Ang inyong Tagapagligtas*

# Ang pagbabago sa format ng Misa ay malapit nang iharap sa Aking Simbahan.

Sabado, Ika-29 ng Hunyo, 2013 sa 9:13 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, huwag mong papansinin ang pagkamuhing umaapaw mula sa mga bibig ng mga nagsasabing sila'y banal at mga tapat na alagad ng Aking pinakamamahal na Ina. Dapat mong malaman na ang pagkamuhing ipapakita sa iyo ay mas masahol pa kaysa sinumang propetang nauna sa iyo. Sinasabi Ko ito sa iyo hindi para takutin ka kundi para lamang tanggapin mo ang katunayang ito at huwag nang pansinin ang kanilang kasamaan. Tuwing ang Presensya ng Diyos ay ipinaaalam sa mga tao, lagi itong nagbubunga ng mabagsik na reaksyon mula sa halimaw, na kikilos sa pamamagitan ng ibang mga tao para itanggi ang Salita ng Diyos.

Anak Ko, ang pagbabago sa format ng Misa ay malapit nang iharap sa Aking Simbahan. Ito'y magiging napaka-masalimuot, at marami ang hindi makikita ang mga kasinungalingan, na ilalagay sa mga bagong panalangin. Ang Aking Presensya ay sisiraang-puri sa mga paraang napakatuso, pero yung mga susunod sa bagong format, na itinatanggi ang Aking Tunay na Presensya, ay hindi magagawa ang Sakripisyo sa Diyos sa paraang kailangan itong gawin. **Anak Ko, ang isang pagbubunyag na ito ang magiging sanhi para hamakin ka, pero kailangang malaman mo na ito ay naipropesiya na. Ang Aking mga tagasunod ay sasabihang ang Banal na Komunyon**

**ay tungkol sa lahat ng tao – sa lahat ng dako – na nagkakaisa, para ipakita ang pagmamahalan ng isa't isa.** Dahan-dahan, pero sigurado, ang Banal na Misa ay hindi na magiging tungkol sa Aking Banal na Sakripisyo. Sa halip, ang seremonya ay lilikhain para parangalan ang tao at kayo'y lolokohin para saksihan ang isang pagkontra sa harap ng Aking Mga Banal na Altar at ng lahat ng tabernakulo sa mundo.

**Ang araw na ang pang-araw-araw na mga sakripisyo ay hihinto, ay hindi na nalalayo.** Dapat nyong malaman na kayo'y binabalaan Ko na ngayon para hindi kayo gugutumin.

Pag kayo'y pinagkaitan ng Aking Presensya, mawawalan kayo ng Aking Espirito at mahihirapan kayong manatiling malapit sa Akin.

**Ang mga salitang gagamitin para lokohin kayo ay magkakaroon ng mga salitang "for the good of all – for the unification of all God's children."** Ang Misa ay magkakaroon ng bagong kahulugan. Kalilimutan na ang Aking Pagkamatay sa Krus at ito'y bibigyan ng mga bagong kahulugan. Tandaan nyo sa araw na yun, ang mga Salita Ko sa inyo ngayon. Tanggapin nyo ang pagpapalit at ang Aking Presensya ay mawawala. Makakapiling nyo Ako, pero hindi na ang Aking Katawan ang inyong pagsasaluhan.

Sa mga hindi naniniwala sa masamang plano na nagawa na, para pawiin ang lahat ng bakas Ko, sinasabi Ko ngayon: Pag wala na ako, hahanapin nyo ba Ako? Pag ang Aking Banal na Eukaristiya ay binastos, gagawa ba kayo ng mga dahilan para sa mga may pananagutan? O susundin nyo ba Ako at pakikinggan ang Katotohanan pag napapalibutan kayo ng mga kasinungalingan.

Kayo ang magdi-desisyon.

*Ang inyong Jesus*

# Aakusahan kayo ng pagsasapakatan laban sa Aking Sariling Simbahan, gayong ang inyo lamang namang magiging krimen ay ang pagtataguyod sa Katotohanan

Linggo, Ika-30 ng Hunyo, 2013 sa 11:10 ng Gabi

Pinakamamahal Kong anak, ni isang saglit ay hindi titigil si masama sa kanyang pag-usig sa mga nagmamahal sa Akin. Pag ang mga kaluluwa ay malapit sa Akin at pag ang kanilang pagmamahal ay lumalago, lagi siyang nandun para subuking ilayo sila sa Akin.

Pag nagliligtas kayo ng mga kaluluwa sa pamamagitan ng inyong mga panalangin, ibubuhos ni masama ang buo niyang galit laban sa inyo at masasaktan kayo dahil magiging target kayo ng paninira, lalo na ng inyong mga mahal sa buhay. Kailangang masanay kayo sa ganitong pasakit at dalamhati pag sumusunod kayo sa Akin at tinatanggap nyo ang Aking Panghihimasok, sa pamamagitan ng Mga Mensaheng ito. M**agdudulot ang mga ito ng katakut-takot na pahirap, dahil ang Mga Mensaheng ito ay magiging sanhi ng kaligtasan ng 7 bilyung tao.**

Pag nalalaman ng demonyo na nawawalan siya ng mga kaluluwa na napupunta sa Akin, gagamitin niya ang lahat ng paraang kinakailangan para lumikha ng mga pagdududa sa isip ng mga tapat sa Akin

at gagawa siya ng katakut-takot na alitan sa pagitan ng Aking mga alagad. Kailangang makilala nyo ang gawain ng demonyo kung ano talaga ito at kailangan nyo ring malaman na habang lalo kayong inuusig, dahil sa pagtanggap sa Aking Kamay ng Awa, ay sinusunod nyo ang Katotohanan. Tanging ang Salita ng Diyos lamang, pag naroroon sa pinakamakapangyarihan nitong paraan – pag ang Espirito Santo ay nagpaparamdam sa piling ng mga grupo ng mga anak ng Diyos – sa sitwasyong ito lamang ubos-lakas na manlalaban si masama. Siya, si Satanas, ay napopoot dahil sa Misyong ito. At para sa ilan sa inyo na nagdududa sa Aking Salita, na ibinibigay sa inyo sa panahong ito, dapat nyo itong malaman:

**Tanging ang Aking Salita lamang ang makakapukaw ng ganito katinding galit, maging sa mga sumasampalataya sa Akin at sa mga sumusunod sa Aking Mga Aral. Wala ni isa sa inyo ang ligtas sa pag-atake.** Kayo, mahal Kong mga alagad, matitikman nyo ang hagupit ng masasamang dila, laban sa Akin, at kayo'y duduraan, pagtatawanan at lalaitin. **Aakusahan kayo ng pagsasapakatan laban sa Aking Sariling Simbahan, gayong ang inyo lamang namang magiging krimen ay ang pagtataguyod sa Katotohanan.** Yung mga nagtataguyod sa Salita ng Diyos at ayaw tumalikod sa Katotohanan ay laging naghihirap sa mga kamay ng mga nagsasabing sila ang pinaka-hinirang sa mga kinatawan ng Diyos, una sa mga kawawang kaluluwang talagang nagmamahal sa Akin.

May kaibhan ang mga nagsasabing mas marami silang alam kaya mas may karapatang maghusga sa iba sa Ngalan Ko, at yung mga talaga lamang nagmamahal sa Akin. Mapaninindigan lamang nyo ang inyong pahayag ng pagmamahal sa Akin kung sinusunod nyo ang Aking Halimbawa. **Hindi Ko kailanman sasabihin na ang isang tao ay mas magaling kaysa iba – dahil kayong lahat ay makasalanan.** Pero hindi Ko kailanman tatanggapin yung mga nakakaalam daw ng lahat tungkol sa Akin at nagsasabing mas magaling sila kaysa iba. Yung mga nagsasabing kilala nila Ako at nang-iinsulto ng iba sa Ngalan Ko, ay hindi nila Ako talaga kilala.

Pinupuno ng demonyo ang mga kaluluwa ng pagka-makasarili, kayabangan at galit. Ang tatlong katangiang ito ang magpapakita sa inyo na ang demonyo ay nasa isang kaluluwa, pag tinatangka niyang patahimikin ang ibang mga kaluluwang nagpapahayag ng Katotohanan ng Diyos. Ang tindi ng magiging pagdurusa ng mga kaluluwang ito, lalo na ngayon, habang ito, ang pinakahihintay na Misyon, ay isinasabuhay sa piling nyo. Bawat isa sa inyo na tumutugon sa Aking Panawagan ay kailangang harapin ang abuso at lantarang panlalait, na labis nyong ikagugulat - ganun nga kabangis ang pagkasuklam na ibabato sa inyo. Gusto kong ipaalam sa inyo na hindi naman kayo ang pinatatamaan ng pagkasuklam, kundi Ako. Gusto ni Satanas na patahimikin ang Aking Tinig, habang lumalabas ito para iligtas kayo sa kanyang masamang pakana, na napakaingat na binuo at napakatagal na inihanda. Hindi magkakamit ng tagumpay ang halimaw, pero alam niya kung paano Ako nasasakitan pag naaagawan niya Ako ng mga kaluluwa. Huwag nyong hahayaan ang panggugulong ito na bulagin kayo sa Katotohanan.

**Ililigtas ng Katotohanan ang iyong kaluluwa at pag pinalalaganap mo ang Katotohanan, magdadala ito sa Akin ng mas maraming kaluluwa. Sa pamamagitan ng mga ito, tatalunin Ko ang halimaw.** Mapoprotektahan kayo sa lahat ng kapahamakan, pero daranasin nyo ang kahihiyang matawag na mga luku-luko. At lahat ay dahil lamang mahal nyo Ako.

*Ang inyong Jesus*